Abril 2023

MELBOURNE AIRPORT

# Pang-komunidad na Pahayagan (Community Newsletter)

**Maligayang pagdating sa aming regular na community newsletter upang panatilihin kang may kaalaman tungkol sa aming mga operasyon at proyekto sa Melbourne Airport, mga plano sa runway, mga oportunidad sa paliparan at iba pang magkakaugnay na balita. Tinatanggap namin ang iyong feedback tungkol sa kung ano ang mahalaga sa iyo.**

## Lilipad na ang Bonza

Ang pinakabagong domestic airline ng Australya ay lumipad na mula sa Melbourne Airport, kung saan ang Bonza ay maglulunsad ng mga murang serbisyo sa siyam na destinasyon sa Victoria, New South Wales at Queensland.

Pinapatakbo ng isang bagung-bagong Boeing 737-MAX, lumipad ang flight AB1023 mula sa Melbourne Airport patungo sa Sunshine Coast noong 30 Marso. Pito sa mga ruta ng Bonza mula Melbourne ay hindi pa naialok dati.

Ipinagmamalaki ng Melbourne Airport na ito ang tanging destinasyong capital city ng airline at ang base para sa dalawa sa mga eroplano nito, pati na rin ng dose-dosenang mga piloto at cabin crew.

Ang paglulunsad ng ikalimang domestic carrier ng Australya ay inaasahang makakatulong sa pagbibigay ng daan-daang karagdagang trabaho sa sektor ng aviation at turismo ng Victoria.

Ang bagong runway ng Melbourne Airport ay pinaplano upang matiyak na mayroong sapat na kapasidad na magagamit para lumago ang mga airline tulad ng Bonza.






Sumali sa usapan
my.melbourneairport.com

Kontak
sa Telepono: (03) 9297 1597
Email: newrunway@melair.com.au

# Pangatlong Runway na Major Development Plan ng Melbourne Airport

Sinuri ng Melbourne Airport ang feedback ng komunidad sa panukala na ikatlong runway nito at nagsumite na ngayon ng draft ng Major Development Plan sa Federal Government para maaprubahan. Alinsunod sa kasalukuyang Master Plan, ang paliparan ay nagpaplanong magtayo ng bagong 3,000 metrong haba ng runway na 1.3 kilometro sa west at kahanay ng umiiral na north-south runway, na tutulong na matiyak na ang Melbourne Airport ay may sapat na kapasidad upang maserbisyuhan ang paglago ng Victoria.




## Buod ng proseso*

- Draft ng Major Development Plan para sa ikatlong runway ng Melbourne Airport na isinumite sa Ministro — **Pebrero 2023**
- Pangministrong desisyon sa draft ng Major Development Plan para sa ikatlong runway ng Melbourne Airport — **Inaasahan sa kalagitnaan ng taong 2023**
- Detalyadong disenyo para sa ikatlong runway ng Melbourne Airport at plano para sa pagtatayo — **Magsisimula sa 2023**
- Magsisimula ang pagtatayo ng ikatlong runway — **Simula 2024**
- Gumaganang bagong north-south na runway — **2028-2030**

*ang timeline ay depende sa mga pag-aproba

## Mataas na paglipad sa International Women's Day




Noong 8 Marso, sa pinaniniwalaang kauna-unahan sa kasaysayan ng aviation sa Australya, ang isang komersyal na flight ay ganap na pinamahalaan, pinagsilbihan at pinangasiwaan ng mga kababaihan upang ipagdiwang ang International Women's Day. Ipinagmamalaki ng Melbourne Airport na makipagsosyo sa Virgin Australia, Airservices Australia at Brisbane Airport upang matiyak na lahat ng mahahalagang touchpoint at gawain na may kaugnayan sa flight VA313 mula Melbourne patungong Brisbane ay isinasagawa ng mga kababaihan. Mula sa ground crew hanggang sa flight crew, mga tagapaglinis hanggang sa mga refueller, mga air traffic controller at mga airfield safety officer- ang flight ay nagbibigay-diin sa napakaraming iba't ibang mga tungkulin na inaalok ng buong industriya.

## Sumali sa pinakamahusay ng Australya!

Ang pangkat ng Melbourne Airport ay kinilala bilang Best Airport Staff sa Australia/Pacific sa kamakailang mga parangal ng Skytrax at patuloy na lumalago habang bumabalik na ang mga pasahero ng mga eroplano.

I-iscan ang QR code para sa listahan ng mga kasalukuyang bakanteng trabaho sa Melbourne Airport precinct.





**Pinakamarami ang bilang ng mga pasahero sa Pasko sa** Disyembre 2022 - Enero 2023

Kabuuang bilang ng mga pasahero (hindi kasama ang mga transit)
**5,342,887** ↓ 19% kumpara sa Disyembre 2019 - Enero 2020

Mga domestic na pasahero
**3,758,011** ↓ 15% kumpara sa Disyembre 2019 - Enero 2020

Mga internasyonal na pasahero
**1,585,011** ↓ 27% kumpara sa Disyembre 2019 - Enero 2020

**Mga bilang ng pasahero para sa Hulyo 2022 hanggang Pebrero 2023**

Kabuuang bilang ng mga pasahero (hindi kasama ang mga transit)
**20,079,053** ↓ 20% kumpara sa Hulyo 2019 - Pebrero 2020

Mga domestic na pasahero
**14,865,637** ↓ 15% kumpara sa Hulyo 2019 - Pebrero 2020

Mga internasyonal na pasahero
**5,213,416** ↓ 32% kumpara sa Hulyo 2019 - Pebrero 2020






## Mga pangkomunidad na mga pop up

### Lumilipad na may pagmamalaki sa Midsumma Carnival

Sinamantala ng Melbourne Airport at mahigit 120,000 katao ang napakagandang araw sa Melbourne para ipagdiwang ang LGBTQ+ community ng Victoria sa Midsumma Carnival. Sa Alexandra Gardens sa simula ng taong ito, ang aming pangkat ay nagsalita sa maraming tao tungkol sa mga trabaho, pagbangon ng aviation, pagbabalik ng China at lahat-lahat tungkol sa airport! Ipinagmamalaki ng Melbourne Airport ang magkakaibang workforce nito at inaabangang suportahan ang Midsumma sa susunod na taon.

Binisita rin namin ang aircraft viewing area sa Sunbury Road, Bulla noong Marso para makipag-usap sa mga tao tungkol sa paliparan at aviation at ipinamahagi ang aming tanyag na junior spotter's booklet.

Halina at bisitahin kami sa isa sa aming darating na mga pop up ng komunidad:

**Linggo, 16 Abril** sa Keilor Heritage Day kung saan tututukan namin ang heritage ng Melbourne Airport, kabilang ang First Nations — Harrick's Cottage at Police Hut, 152 Harrick Road, Keilor Park, 12-4pm

**Sabado, 3 hunyo** sa aircraft viewing area sa Sunbury Road, Bulla, 12:30-3:30pm.

## Hanapin ang mga bandicoots!

Ang mga manlalakbay na lilipad papunta o mula sa Melbourne Airport ay malapit nang makakita ng hindi pangkaraniwang tanawin mula sa kalangitan, sa pamamagitan ng proyektong Bandicoots on the Flight Path upang lumikha ng mga higanteng bandicoots sa Woodlands Historic Park.

Binigyang-inspirasyon ng Marsupial Masterpieces sa Iramoo Wildflower Grassland Reserve, muling-itinanim na mga katutubong ilang na bulaklak (revegetated indigenous wildflower) sa hugis ng higanteng, 25-metro kuwadradong mga bandicoot. Isang collaborative na proyekto sa pagitan ng mga miyembro ng pangkat (team mebers) mula sa Parks Victoria, Melbourne Airport, Conservation Volunteers Australia at Melbourne Water, kasama ang mga estudyante mula sa Greenvale Secondary College at Penleigh at Essendon Grammar School.

Ang Woodlands Historic Park ay kinalalagyan ng Parks Victoria Bandicoot Breeding Program. Ang park ay bahagi rin ng mga kalapit na



gawain para i-upgrade ang Moonee Ponds Creek 'Bandicoots to Bay' shared trail, kabilang ang Murrup Gurrong Yan (Spiritual Creek Walk).

Ang Bandicoots on the Flight Path ay isa lamang sa maraming proyekto na pinamumunuan ng Chain of Ponds, isang ambisyosong grupo na nagtatrabaho upang gawing isang iconic na daluyan ng tubig (waterway) sa Melbourne ang Moonee Ponds Creek na nagbibigay ng mga benepisyong panlipunan, pangkultura, at pangkapaligiran.

Kasama sa Chain of Ponds ang mga kinatawan mula sa pamahalaang lokal at pang-estado, mga grupo ng komunidad, mga hindi pinagkakakitaan, mga awtoridad sa tubig at mga organisasyon ng pananaliksik na nakatuon sa pagpapabuti ng Moonee Ponds Creek.

## Patungo sa mas madaling pag-access sa paliparan

Malapit nang maging mas madali ang access sa Terminal 4 carpark at pick up zone, sa pagtatayo ng bagong elevated link sa pagitan ng Tullamarine Freeway at ground transport hub na malapit nang matapos. Ang huling beam lift sa istraktura ay isinagawa noong Marso, kung saan ang bagong kalsada ay inaasahang magbubukas sa kalagitnaan ng taon. Kapag nabuksan na, aalisin ng kalsada ang lahat ng intersection sa pagitan ng freeway at ng Terminal 4 carpark. Isinasagawa ang pagpaplano para sa pangalawang yugto ng proyekto na magbibigay ng traffic-light-free access mula sa freeway papunta sa Terminal 123 carpark.

## ENGLISH

Melbourne Airport publishes a regular newsletter to keep you informed of our operations and projects, runway plans and other related news. The airport is an important hub for Australia's international and domestic networks and is currently seeking federal government approval to build a new north-south runway, which will result in changes to flight paths around the city. It is important that we keep you up to date with what is happening and that we continue to hear what is important to you. The newsletters have been translated into a variety of languages.

Please contact us for a translation at **community@melair.com.au** or call us on **03 9297 1597**.

You can also find copies at **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**.

## عربي

يَنشر مطار ملبورن صحيفة مجتمعية دورياً لتبقيك على اطلاع على أعمالنا ومشاريعنا ومخططات مدرج المطار، وأخبار أخرى متعلقة بتلك المواضيع. يُعتبر المطار مركزاً مهماً لشبكتي الطيران الدولية والمحلية في أستراليا. ويلتمس المطار حالياً موافقة الحكومة الفيدرالية لإنشاء مدرج شمالي-جنوبي جديد، والذي سيؤدي إلى تغيير في مسارات الطائرات في سماء المدينة. من المهم أن نُبقيك على أطلاع دائم بالمستجدات، وأن نبقى على اطلاع عما هو مهم بالنسبة لك أيضاً.
لقد تُرجمت هذه الصحف المجتمعية إلى مجموعة من اللغات.

لطلب نُسخة مُترجمة بلغتك؛ يُرجى الكتابة إلينا على العنوان الإلكتروني: **community@melair.com.au**، أو الاتصال بنا على الرقم **03 9297 1597**.

كما يمكنك العثور على نُسخ من تلك المنشورات على الإنترنت، في موقع **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**

## ܐܬܘܪܝܐ

ܒܝܬ ܛܘܣܐ ܕܡܠܒܘܪܢ، ܒܐ ܦܪܣ ܚܕܐ ܐܓܪܬܐ ܕܚܕܬܐ ܙܒܢܢܝܬܐ ܠܡܕܘܥܟܘܢ، ܥܠ ܦܘܠܚܢܐ ܘܡܫܪ̈ܥܝܬܐ، ܘܫܘܛܐܟ̈ܐ ܕܐܘܪ̈ܚܬܐ ܕܛܝܣ̈ܐ ܘܚܕ̈ܬܐ ܐܚܪ̈ܢܐ ܕܐܝܬܠܗܘܢ ܐܘܗܕܐ. ܒܝܬ ܛܘܣܐ ܝܠܗ ܚܕ ܡܪܟܙܐ ܐܢܝܫܐ ܩܐ ܚܒܪ̈ܐ ܕܦܘܠܚܢܐ ܐܬܪ̈ܝܐ ܘܡܬܒܠܝ̈ܐ ܕܐܘܣܬܪܠܝܐ ܘܗܕܝܐ ܒܥܘܒܐ ܝܠܗ ܕܫܩܠ ܦܣܩܐ ܕܡܘܠܟܢܝܬܐ ܦܕܪܠܝܬܐ ܩܐ ܒܢܝܐ ܚܕܐ ܐܘܪܚܐ ܕܛܝܣ̈ܐ ܚܕܬܐ ܓܪܒܝܝܐ ܬܝܡܢܝܐ، ܐܝܢ ܕܦܠܛܠܗ ܒܕ ܫܚܠܦ ܫܘܚܠܦ̈ܐ ܠܐܘܪ̈ܚܬܐ ܕܦܪܚܬܐ ܕܛܝܣ̈ܐ ܚܕܪܘܝܐ ܕܡܕܝܢܬܐ. ܐܢܝܫܐ ܝܠܗ ܕܦܐܫܚ ܡܕܘܥܟܘܢ، ܒܚܕܬܢܘܬܐ ܥܠ ܡܕܝܢ ܝܠܗ ܒܗܘܝܐ ܘܕܠܐ ܫܒܩܚ ܡܢ ܡܫܡܥܬܐ ܠܡܕܝܢ ܝܠܗ ܐܢܝܫܐ ܩܐܠܘܟܘܢ. ܐܓܪ̈ܬܐ ܕܚܕ̈ܬܐ ܦܝܫܐ ܝܢܐ ܡܬܪܓܡܐ ܠܠܫܢ̈ܐ ܦܪ̈ܝܫܐ.

ܩܐ ܡܢܝܬܐ ܕܚܕܐ ܬܘܪܓܡܐ ܝܢ ܬܡܨܠܟܘܢ، ܡܫܕܪܘ، ܠܝ ܒܠܠ ܒܘܦܐ **community@melair.com.au** ܝܢ ܡܨܝܪܘ، ܠܝ ܒܠܠ ܡܢܝܢܐ ܕܬܠܝܦܘܢ **03 9297 1597**

ܐܦ ܡܨܝܬܘܢ ܡܫܟܚܬܘܢ ܢܘܣܚ̈ܐ ܡܢ ܒܠܠ ܒܘܦܐ **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**

## 繁體中文

墨爾本機場定期發佈時事通訊，讓您瞭解我們的運營和工程、跑道計劃和其他相關新聞。該機場是澳大利亞國際和國內網絡重要樞紐，目前正在尋求聯邦政府批准建設一條新的南北向跑道，這將使城市周圍之飛行路線發生變化。讓您知悉現時正在發生的事，並持續瞭解對您而言重要的事，對我們非常重要。時事通訊已被翻譯成多種語言。

如需翻譯版，請寄送電郵至 **community@melair.com.au**，
或致電 **03 9297 1597** 聯繫我們。

您亦可前往**www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**取得文件副本。

## FILIPINO

Regular na naglalabas ng newsletter ang Melbourne Airport para patuloy na ipaalam sa inyo ang mga operasyon at proyekto namin, plano sa runway, at iba pang kaugnay na balita. Mahalagang hub ang airport para sa mga internasyonal at lokal na network ng Australia at kasalukuyang kumukuha ng permit sa gobyerno para magtayo ng hilaga-timog na runway, na makakaapekto sa daan ng mga flight sa lungsod. Mahalaga na patuloy kayong i-update tungkol sa nangyayari at na patuloy naming pakinggan kung ano ang mahalaga sa inyo. Isinasalin ang mga newsletter sa iba't ibang wika.

Makipag-ugnayan sa amin para sa pagsasalin sa **community@melair.com.au** o tawagan kami sa **03 9297 1597**.

May makukuha rin kayong mga kopya sa **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**.

## ΕΛΛΗΝΙΚΑ

Το Αεροδρόμιο Μελβούρνης δημοσιεύει ένα τακτικό ενημερωτικό δελτίο για να σας κρατά ενημερωμένους για τις δραστηριότητες και τα έργα μας, τα σχέδια του διαδρόμου αεροδρόμιου και άλλες σχετικές ειδήσεις. Το αεροδρόμιο είναι ένας σημαντικός κόμβος για τα διεθνή και εγχώρια αεροπορικά δίκτυα της Αυστραλίας και προς το παρόν ζητά την έγκριση της ομοσπονδιακής κυβέρνησης για την κατασκευή ενός νέου διαδρόμου αεροδρομίου βορρά-νότου, ο οποίος θα έχει ως αποτέλεσμα αλλαγές στις πορείες πτήσης γύρω από την πόλη. Είναι σημαντικό να σας κρατάμε ενημερωμένους για το τι συμβαίνει και να συνεχίζουμε να ακούμε ό,τι είναι σημαντικό για εσάς. Τα ενημερωτικά δελτία έχουν μεταφραστεί σε διάφορες γλώσσες.

Επικοινωνήστε μαζί μας για μετάφραση στο **community@melair.com.au** ή καλέστε μας στο **03 9297 1597**.

Μπορείτε επίσης να βρείτε αντίγραφα στο **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**.

## हिंदी

आपको हमारे संचालनों और परियोजनाओं, रनवे योजनाओं तथा अन्य संबंधित समाचारों से अवगत कराने के लिए मेलबर्न हवाईअड्डा एक नियमित न्यूज़लेटर प्रकाशित करता है। यह हवाईअड्डा ऑस्ट्रेलिया के अंतरराष्ट्रीय और घरेलू नेटवर्कों के लिए एक महत्वपूर्ण केंद्र है और वर्तमान में एक नया उत्तर-दक्षिण रनवे बनाने के लिए संघीय सरकार की स्वीकृति मांगी जा रही है, जिसके परिणामस्वरूप शहर के इर्द-गिर्द उड़ान पथों में परिवर्तन होगा। जो कुछ हो रहा है, उसके बारे में आपको अपडेट रखना और आपके लिए जो महत्वपूर्ण है, उसके बारे में सुनते रहना हमारे लिए महत्वपूर्ण है। कई अलग-अलग भाषाओं में न्यूज़लेटर का अनुवाद किया गया है।

अनुवाद के लिए कृपया हमसे **community@melair.com.au** पर संपर्क करें या हमें **03 9297 1597** पर कॉल करें।

आपको इसकी प्रतियाँ वेबसाइट **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub** पर भी मिल सकती हैं।

## MALTI

Melbourne Airport jippubblika newsletter regolari biex iżżommok infurmat/a dwar l-operazzjonijiet u l-proġetti tagħna, pjanijiet għar-runway u aħbarijiet oħrajn relatati. L-ajruport huwa ċentru importanti għan-networks internazzjonali u domestiċi tal-Awstralja u bħalissa qed jitlob l-approvazzjoni mill-gvern federali biex jibni runway ġdida Tramuntana-Nofsinhar, li twassal għal bidliet fir-rotot tal-ajruplani madwar il-belt. Huwa importanti li nżommuk aġġornat/a b'dak li qed jiġri u li nkomplu nisimgħu dak li huwa importanti għalik. In-newsletters ġew tradotti f'diversi lingwi.

Jekk jogħġbok ikkuntattjana għal traduzzjoni fuq **community@melair.com.au** jew ċemplilna fuq **03 9297 1597**.

Tista' ssib kopji wkoll fuq **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**.

## МАКЕДОНСКИ

Аеродромот Мелбурн објавува редовни билтени за да Ве информира за нашите активности и проекти, планови за пистите и други поврзани вести. Аеродромот претставува важен центар за австралиските меѓународни и домашни мрежи и во моментов бара одобрение од федералната влада за изградба на нова писта во правец север-југ, што ќе резултира во промени на воздушните патеки околу градот. Важно е да бидете информирани за она што се случува, како и да продолжиме да слушаме што Ви е важно вам. Билтените се преведени на повеќе јазици.

За соодветен превод, контактирајте со нас на **community@melair.com.au** или јавете ни се на **03 9297 1597**.

Исто така, може да најдете примероци на **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**

## ਪੰਜਾਬੀ

ਮੈਲਬੌਰਨ ਹਵਾਈ-ਅੱਡਾ ਇੱਕ ਬਕਾਇਦਾ ਖ਼ਬਰਨਾਮਾ (ਨਿਊਜ਼ਲੈਟਰ) ਪ੍ਰਕਾਸ਼ਿਤ ਕਰਦਾ ਹੈ ਤਾਂ ਜੋ ਸਾਡੇ ਕੰਮਾਂ-ਕਾਰਾਂ ਅਤੇ ਪ੍ਰੋਜੈਕਟਾਂ, ਰੱਨਵੇਅ ਯੋਜਨਾਵਾਂ ਅਤੇ ਹੋਰ ਸਬੰਧਿਤ ਖ਼ਬਰਾਂ ਬਾਰੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਸੂਚਿਤ ਕਰਨਾ ਰੱਖਿਆ ਜਾ ਸਕੇ। ਹਵਾਈ ਅੱਡਾ ਆਸਟ੍ਰੇਲੀਆ ਦੇ ਅੰਤਰਰਾਸ਼ਟਰੀ ਅਤੇ ਘਰੇਲੂ ਨੈੱਟਵਰਕਾਂ ਲਈ ਇੱਕ ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਕੇਂਦਰ ਹੈ ਅਤੇ ਵਰਤਮਾਨ ਸਮੇਂ ਨਵਾਂ ਉੱਤਰ-ਦੱਖਣੀ ਰੱਨਵੇਅ ਬਨਾਉਣ ਲਈ ਕੇਂਦਰੀ ਸਰਕਾਰ ਦੀ ਮਨਜ਼ੂਰੀ ਦੀ ਮੰਗ ਕਰ ਰਿਹਾ ਹੈ, ਜਿਸ ਦੇ ਨਤੀਜੇ ਵਜੋਂ ਸ਼ਹਿਰ ਦੇ ਆਲੇ-ਦੁਆਲੇ ਉਡਾਣ ਮਾਰਗਾਂ ਵਿੱਚ ਤਬਦੀਲੀਆਂ ਹੋਣਗੀਆਂ। ਇਹ ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਹੈ ਕਿ ਜੋ ਕੁਝ ਵੀ ਵਾਪਰ ਰਿਹਾ ਹੈ, ਉਸ ਬਾਰੇ ਅਸੀਂ ਤੁਹਾਨੂੰ ਤਾਜ਼ਾ ਜਾਣਕਾਰੀ ਦਿੰਦੇ ਰਹੀਏ ਅਤੇ ਇਹ ਕਿ ਅਸੀਂ ਉਹਨਾਂ ਚੀਜ਼ਾਂ ਨੂੰ ਸੁਣਨਾ ਜਾਰੀ ਰੱਖੀਏ ਜੋ ਤੁਹਾਡੇ ਵਾਸਤੇ ਮਹੱਤਵਪੂਰਨ ਹਨ। ਖ਼ਬਰਨਾਮਿਆਂ (ਨਿਊਜ਼ਲੈਟਰਾਂ) ਦਾ ਕਈ ਭਾਸ਼ਾਵਾਂ ਵਿੱਚ ਅਨੁਵਾਦ ਕੀਤਾ ਜਾਂਦਾ ਹੈ।

**community@melair.com.au** 'ਤੇ ਅਨੁਵਾਦ ਵਾਸਤੇ ਕਿਰਪਾ ਕਰਕੇ ਸਾਡੇ ਨਾਲ ਸੰਪਰਕ ਕਰੋ ਜਾਂ ਫਿਰ **03 9297 1597** 'ਤੇ ਸਾਨੂੰ ਫ਼ੋਨ ਕਰੋ।

ਨਕਲਾਂ ਤੁਸੀਂ **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub** 'ਤੇ ਵੀ ਵੇਖ ਸਕਦੇ ਹੋ।

## TÜRKÇE

Melbourne Airport, operasyonlarımız ve projelerimiz, pist planlarımız ve diğer ilgili haberlerimiz hakkında sizi bilgilendirmek için düzenli bir bülten yayınlar. Havaalanı, Avustralya'nın uluslararası ve yerel ağları için önemli bir merkezdir ve şu anda yeni bir kuzey-güney pisti inşa etmek için federal hükümetten onay almaya çalışmaktadır ve bu da şehir çevresindeki uçuş yollarında değişikliklere neden olacaktır. Sizi olup bitenlerden haberdar etmemiz ve sizin için neyin önemli olduğunu öğrenmeye devam etmemiz bizim için önemlidir. Bültenler çeşitli dillere çevrilmiştir.

Bir dilde çeviri için lütfen bizimle **community@melair.com.au** adresinden iletişime geçin veya **03 9297 1597** numaralı telefondan bizi arayın.

Bültenin kopyalarını **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub** adresinden de temin edebilirsiniz.

## TIẾNG VIỆT

Sân bay Melbourne xuất bản một bản tin thường xuyên để thông báo cho quý vị về các hoạt động và dự án, quy hoạch về đường băng và các tin tức liên quan khác. Sân bay là một trung tâm quan trọng cho các mạng lưới quốc tế và nội địa của Úc và hiện đang xin chính phủ liên bang phê duyệt để xây dựng một đường băng bắc-nam mới, điều này sẽ dẫn đến những thay đổi đối với các đường bay xung quanh thành phố. Điều quan trọng là chúng tôi cập nhật cho quý vị những gì đang xảy ra và chúng tôi tiếp tục lắng nghe những gì quan trọng đối với quý vị. Các bản tin đã được dịch sang nhiều ngôn ngữ khác nhau.

Vui lòng liên hệ với chúng tôi để nhận bản dịch tại **community@melair.com.au** hoặc gọi cho chúng tôi theo số **03 9297 1597**.

Quý vị cũng có thể tìm thấy các bản sao của bản tin tại **www.melbourneairport.com.au/community/translation-hub**.

I-scan ang QR code para bisitahin ang Melbourne Airport Translation Hub